

SUUNTO SPARK
GABAY SA USER

1. Intended use.....	4
2. Kaligtasan.....	5
3. Getting started.....	7
3.1. Mga button.....	7
3.2. Mikropono.....	7
3.3. Bluetooth connectivity.....	7
3.4. Pag-pair.....	8
3.5. Suunto app.....	9
3.6. Pagsusuot ng headphones.....	9
4. Features.....	10
4.1. Kontrol sa Paggalaw ng Ulo.....	10
4.2. Sound mode.....	10
4.3. Voice feedback.....	11
4.4. Koneksyon ng dalawang device.....	12
5. Settings.....	13
5.1. Device info.....	13
5.2. Software updates.....	13
5.3. Pag-reset sa headphones.....	13
6. Care and support.....	14
6.1. Handling guidelines.....	14
6.2. Baterya at pagcha-charge.....	14
6.3. Disposal.....	15
7. Reference.....	16
7.1. Compliance.....	16
7.2. CE.....	16


1. Intended use


The Suunto Spark headphones are wireless Bluetooth[®] compatible headphones designed and made for outdoor sports. With Suunto Spark, you can safely and comfortably listen to music and make phone calls during exercises.

Do not use the product in situations that require special or full attention. The product is only for recreational use.

2. Kaligtasan

Mga uri ng mga pag-iingat para sa kaligtasan


 **WARNING:** - ay ginagamit kaugnay ng isang pamamaraan o sitwasyon na puwedeng magdulot ng malubhang injury o kamatayan.


 **CAUTION:** - ay ginagamit kaugnay ng isang pamamaraan o sitwasyon na makakapinsala sa produkto.


 **NOTE:** - ay ginagamit para bigyang-diin ang mahalagang impormasyon.


 **TIP:** - ay ginagamit para sa mga karagdagang tip kung paano gagamitin ang mga feature at function ng device.


Mga pag-iingat para sa kaligtasan


 **WARNING:** Ilayo ang device sa mga medikal na device tulad ng mga pacemaker, pati na rin sa mga key card, credit card, at katulad na item. Nagtataglay ang device ng malakas na magnet na puwedeng makasagabal sa paggana ng mga medikal o iba pang elektronikong device at mga item na may magnetically stored na data.


 **WARNING:** Puwedeng magkaroon ng mga allergic na reaksiyon o iritasyon sa balat kapag nalapat sa balat ang produkto, kahit na sumusunod ang aming mga produkto sa mga pamantayan ng industriya. Kapag nangyari ito, ihinto kaagad ang paggamit at kumonsulta sa doktor.


 **WARNING:** Palaging kumonsulta sa iyong doktor bago simulan ang isang programa sa pag-eehersisyo. Puwedeng magdulot ng matinding injury ang labis na pagpapagod.


 **WARNING:** Ang mga produkto at serbisyo ng Suunto ay para lang sa paglilibang at hindi ginawa para sa anumang uri ng layuning medikal.


 **WARNING:** Puwedeng makaapekto ang pagsusuot ng headphones sa iyong kakayahang marinig ang iyong paligid. Responsableng gamitin ang iyong headphones at unahin ang kaligtasan.


 **WARNING:** Bago mag-charge, tiyaking walang anumang natitirang likido sa mga charging port ng headphones. Nakakasira ang likido sa mga charging port sa circuit ng headphones.


 **WARNING:** Huwag gamitin ang produkto kapag kumukulog at kumikidlat. Puwedeng hindi gumana nang normal ang device at tumaas ang panganib na makuryente kapag kumukulog at kumikidlat.


 **WARNING:** Huwag i-charge ang headphones kapag basa. Puwedeng magkasunog o makuryente kapag nag-charge ng basang headphones. Tiyaking tuyo ang cable para sa pagcha-charge at ang headphones bago i-charge ang headphones.


 **CAUTION:** *Huwag pahiran ng anumang uri ng solvent ang produkto dahil puwede nitong masira ang labas ng produkto.*

 **CAUTION:** *Huwag pahiran ng insect repellent ang produkto dahil puwede nitong masira ang labas ng produkto.*

 **CAUTION:** *Huwag ihampas o ibagsak ang produkto dahil puwede itong masira.*

 **NOTE:** *Huwag bastang itapon ang produkto, at sa halip ay ituring itong elektronikong basura para hindi ito makasira sa kapaligiran.*

 **NOTE:** *Palaging sumunod sa mga lokal na batas at regulasyon kapag ginagamit ang produkto sa labas at kapag ginagamit ito nang may mga tao.*

 **NOTE:** *Tiyaking lubos mong nauunawaan kung paano gamitin ang iyong headphones at kung ano ang mga limitasyon nito sa pamamagitan ng pagbabasa sa lahat ng naka-print na dokumentasyon at sa online na manual ng user. Palaging tandaang pananagutan mo ang iyong sariling kaligtasan.*

3. Getting started

3.1. Mga button

Ang Suunto Spark ay may touch panel na magagamit mo para lumipat ng kanta at sumagot o magbaba ng mga tawag sa telepono.



Pagtawag sa telepono

- i-tap nang dalawang beses ang earbud para sumagot o magbaba ng tawag
- i-tap nang matagal ang alinmang earbud para tanggihan ang isang tawag

Kontrol sa musika

- i-tap nang dalawang beses ang alinmang earbud para mag-play o mag-pause
- i-tap nang tatlong beses ang alinmang earbud para sa susunod na track

3.2. Mikropono

Ang iyong Suunto Spark ay mayroong dual na mikropono at environmental noise cancellation (ENC) na teknolohiya. Tinitiyak ng mga feature na ito ang magandang kalidad ng boses ng iyong mga tawag kahit sa maiingay o mahahangin na kalagayan.

⚠ CAUTION: *Huwag direktang basain ng tubig o ng madaling sumingaw na mga likido ang mga butas ng mikropono dahil puwedeng maapektuhan ng mga ito ang maayos na paggana ng mikropono.*


3.3. Bluetooth connectivity

Nakikipag-communicate ang iyong Suunto Spark headphones sa mga compatible na device sa pamamagitan ng Bluetooth. Puwede mong ipares ang produkto sa anumang Bluetooth device na may kakayahang mag-play ng audio, gaya ng mga mobile phone, smart watch,

tablet, atbp. Para sa impormasyon kung paano ipe-pair ang headphones sa isang compatible na device, tingnan ang 3.4. *Pag-pair*.

Puwede mong sabay na ikonekta sa dalawang Bluetooth device ang iyong headphones. Tingnan ang 4.4. *Koneksyon ng dalawang device*.

Kung gusto mong idiskonekta ang headphones at ang compatible na device, puwede mo itong gawin sa mga setting ng Bluetooth ng naka-pair na device. Mayroon kang dalawang pagpipilian. Para mapanatili ang headphones sa listahan ng Bluetooth ng naka-pair na device at matiyak ang mabilis na muling pagkonekta, idiskonekta lang ang mga device. Kung gusto mong tuluyan nang alisin ang headphones mula sa listahan ng Bluetooth ng naka-pair na device, tanggalin ang headphones mula sa listahan ng mga koneksyon sa Bluetooth. Sa kasong ito, kung gusto mong muling gamitin ang headphones at ang Bluetooth device, kailangan mong mag-pair mula sa simula.

 **NOTE:** Kung aalis ka nang higit sa 3 minuto sa nasasaklawan ng koneksyon ng Bluetooth habang suot ang Suunto Spark, madidiskonekta ang headphones at ang naka-pair na device.

Kung mahigit isang oras mawawala ang koneksyon ng Bluetooth sa pagitan ng headphones at ng compatible na device, awtomatikong mao-off ang Suunto Spark para makatipid ng baterya. Para magamit ulit ang headphones, kailangan mo ulit i-on ang device.

3.4. Pag-pair

Bago mo magamit ang iyong Suunto Spark sa unang pagkakataon, kailangan mo itong i-pair sa isang compatible na device.



1. Iilagay ang earbuds sa charging case.
2. Pindutin nang matagal ang button sa case nang 2 segundo, hanggang sa mag-flash nang puti ang LED na ilaw.
3. Sa iyong device, piliin ang Suunto Spark sa listahan ng Bluetooth para kumonekta.
4. Kumpleto na ang pag-pair kapag huminto sa pagkislap ang LED na ilaw.

3.5. Suunto app

Gamit ang Suunto app sa iyong telepono, mas mapapalawak mo ang iyong karanasan sa paggamit ng Suunto Spark. I-pair ang iyong headphones sa mobile app para i-adjust ang Kontrol sa Paggalaw ng Ulo, sound mode, at marami pang iba.

Para i-adjust ang mga setting ng headphones sa Suunto app:

1. I-pair ang Suunto Spark sa compatible na mobile device gamit ang Bluetooth. Tingnan ang *3.4. Pag-pair*.
2. I-download at i-install ang Suunto app sa iyong compatible na mobile device mula sa iTunes App Store, Google Play o ilan pang sikat na app store sa China.
3. Buksan ang Suunto app sa iyong telepono.
4. Awtomatikong kokonekta ang app sa iyong headphones.
5. Pumunta sa iyong profile sa Suunto app at buksan ang menu ng headphones upang i-adjust ang mga setting ng produkto.

3.6. Pagsusuot ng headphones

Ang Suunto Spark headphones ay headphones na may open-ear na estilo, para puwede kang makinig ng audio nang naririnig pa rin ang iyong paligid habang nag-eehersisyo.

Para sa pinakamagandang karanasan, secure na ilagay sa ibabaw ng tainga mo ang mga ear hook. I-adjust ang headphones nang nasa harap lang ng mga tainga mo ang mga speaker.




Ikaw man ay nasa gym o naglalakad sa lubak-lubak na daan, hindi malalaglag mula sa iyong ulo ang headphones. Dahil sa gaan at open-ear na istilo nito, komportableng magagamit ang headphones sa loob ng ilang oras. Puwede mong suotin ang Suunto Spark kahit na may suot kang helmet ng bisikleta o sumbrero at kahit beanie.

4. Features


4.1. Kontrol sa Paggalaw ng Ulo


Ang Kontrol sa Paggalaw ng Ulo ay isang function para sa mas madaling paggamit nang hindi gumagamit ng kamay. Sa pamamagitan ng pagtango at pag-iling, maaari kang magpalipat-lipat sa mga audio track at sagutin o tanggihan ang mga tawag sa telepono. Para magamit ang Kontrol sa Paggalaw ng Ulo, kailangan mong i-activate ang function. Puwede mo itong i-customize sa Suunto app.


Pagkatapos i-activate ang Kontrol sa Paggalaw ng Ulo, makokontrol mo na ang audio playback at mga tawag sa telepono nang hindi pinipindot ang anumang button. Habang nakikinig ng musika, umiling nang dalawang beses para lumipat sa susunod na track. Kapag may tumatawag sa iyo habang naka-headphones, tumango nang dalawang beses para sagutin ang tawag o umiling nang dalawang beses para tanggihan ito.

 **NOTE:** *Tiyaking sapat ang laki ng anggulo ng pag-ikot mo sa iyong ulo at kumpletuhin ang mga paggalaw sa loob ng 1 segundo.*

Magpahinga nang hindi bababa sa 5 segundo sa pagitan ng magkaibang operasyon.

 **NOTE:** *Kung gagamitin mo ang function na Kontrol sa Paggalaw ng Ulo habang nag-eehersisyo, maaari itong magresulta sa maling paggana. Inirerekomenda naming pag-aralan mo kung paano gumagana ang function na Kontrol sa Paggalaw ng Ulo upang matukoy kung naaangkop ito sa iyong partikular na mga aktibidad.*


 **NOTE:** *Pinapabilis ng Kontrol sa Paggalaw ng Ulo ang pagkaubos ng baterya, at kapag naka-on, nababawasan nito ang baterya ng mga 15%.*


 **WARNING:** *Ang Kontrol sa Paggalaw ng Ulo ay dapat gamitin bilang pansuporta lamang. Unahin ang kaligtasan kapag ginagamit ang function na ito. Huwag dumepende lamang sa Kontrol sa Paggalaw ng Ulo para sa kritikal na mga aksyong nangangailangan ng iyong buong atensyon at manu-manong pagkontrol.*

4.2. Sound mode

Maaari kang pumili mula sa iba't ibang sound mode kapag suot ang iyong headphones. Nag-aalok ang iyong Suunto Spark ng normal na sound mode para sa pang-araw-araw na paggamit at magagaan na ehersisyo at ibang sound mode para sa pag-eehersisyo sa labas at maiingay na kalagayan. Sa sound mode para sa labas, mas malakas ang volume. Piliin ang mode na pinakanaaangkop para sa iyong partikular na sitwasyon. Puwede mong i-customize ang sound mode sa Suunto app.


 **NOTE:** *Maaaring magkaroon ng ingay sa matataas na antas ng volume.*

 **WARNING:** *Maaaring humantong sa pagkasira ng pandinig at distorsyon ng tunog ang matagal na paggamit ng headphones na nasa matataas na antas ang volume.*

 **WARNING:** *Puwedeng makaapekto ang pagsusuot ng headphones sa iyong kakayahang marinig ang iyong paligid. Responsableng gamitin ang iyong headphones at unahin ang kaligtasan.*


4.3. Voice feedback


Kung mayroon ka ng relo ng Suunto na kayang magbigay ng voice feedback, makakatanggap ka ng voice feedback na may mahalagang impormasyon habang nag-eehersisyo ka. Makakatulong sa iyo ang feedback na subaybayan ang iyong progress at bibigyan ka nito ng mga kapaki-pakinabang na indicator, ayon sa pinili mong mga opsyon para sa feedback. Dapat i-pair ang headphones sa relo mo bago gamitin ang feature na ito.

 **NOTE:** *Sa Suunto Run series, Suunto Vertical series, Suunto Race series, at Suunto Ocean series lang available ang feature na ito.*

Para ikonekta ang headphones mo sa iyong Suunto na relo, dapat mong i-install ang Suunto Spark app mula sa SuuntoPlus™ Store sa relo.

1. Panatiliing nasa pairing mode ang Suunto Spark mo.
2. Mula sa screen ng pagsisimula ng ehersisyo sa iyong relo, mag-scroll pababa at piliin ang SuuntoPlus™.
3. I-on ang Suunto Spark app.
4. Hintaying awtomatikong kumonekta ang relo sa Suunto Spark headphones.
5. Bumalik at pindutin ang Magsimula.

 **NOTE:** *Kapag maraming headphones ang available para makakonekta ang iyong relo, tiyaking ikokonekta mo ang mga tamang device. Kapag konektado sa relo, tutunog ang headphones.*

 **NOTE:** *Kung parehong konektado sa relo mo ang headphones at ang Suunto app, puwedeng sa app i-play ang voice feedback. Para matiyak na sa headphones marinig ang feedback, inirerekomenda na isara ang app sa background.*

Para i-activate ang voice feedback sa iyong relo bago mag-ehersisyo:

1. Bago magsimula ng ehersisyo, mag-scroll pababa at piliin ang **Voice feedback**.
2. I-on ang **Voice feedback**.
3. Mag-scroll pababa at piliin kung aling voice feedback ang gusto mong i-activate sa pamamagitan ng pag-on/pag-off sa mga toggle.
4. Tiyaking naka-on ang headphones mo at naka-pair sa iyong relo.
5. Bumalik at simulan ang iyong ehersisyo tulad ng iyong nakagawian.

Bibigyan ka ngayon ng headphones mo ng iba't ibang voice feedback habang nag-eehersisyo ka, depende sa kung aling voice feedback ang na-activate mo.

Para i-activate ang voice feedback sa iyong relo habang nag-eehersisyo:

1. Pindutin nang matagal ang button sa ibaba para pumasok sa **Control panel**.
2. Mag-scroll pababa at piliin ang **Voice feedback**.
3. I-on ang **Voice feedback**.
4. Mag-scroll pababa at piliin kung aling voice feedback ang gusto mong i-activate sa pamamagitan ng pag-on/pag-off sa mga toggle.

5. Tiyaking naka-on ang headphones mo at naka-pair sa iyong relo.
6. Bumalik at ipagpatuloy ang iyong ehersisyo.


4.4. Koneksyon ng dalawang device

Puwede mong sabay na ikonekta sa dalawang Bluetooth device ang iyong Suunto Spark headphones. Sa tulong ng function na koneksyon ng dalawang device, madali kang makakalipat sa iyong telepono at makakasagot ng tawag habang nakikinig ng musika sa iyong computer.

Kapag naka-pair na ang headphones sa isang device na may Suunto app:

1. I-enable ang koneksyon ng dalawang device sa Suunto app.
2. Iilagay ang earbuds sa charging case.
3. Pindutin ang button sa charging case nang 5 segundo para pumasok sa pairing mode.
4. Sa mga setting ng Bluetooth ng ikalawang compatible na device, buksan ang listahan ng mga kalapit na device.
5. Hanapin ang Suunto Spark sa listahan at i-pair ito sa ikalawang device.
6. Kapag ikinonekta mo ang ikalawang device, pansamantalang madidiskonekta ang unang device sa headphones. Para ikonektang muli ang unang device, pumunta sa mga setting ng Bluetooth ng device o i-restart lang ang headphones.

Puwede mong tingnan ang listahan ng mga konektadong device sa Suunto app.

 **NOTE:** Kapag ginamit mo ang Suunto Spark nang may dalawang device na naka-pair nang sabay, tutukuyin ng headphones ang prioridad nito batay sa pagkakasunod-sunod ng pini-play na content at mga task. Karaniwang nauuna ang unang na-play na audio kaysa sa ikalawa, at inuuna ang mga tawag sa telepono kaysa sa audio playback. Gayunpaman, puwedeng magkaiba ang aktwal na operasyon ng magkakaibang brand at modelo ng mga compatible na device.

5. Settings

5.1. Device info

You can check device info, for example, the software version of your headphones in Suunto app.

5.2. Software updates


Software updates add important improvements to your headphones. For updating the software, the headphones must be connected to Suunto app. Internet connection is required for downloading the update package. For installing the update package, the battery level of the headphones must be at least 20%.

When an update is available, a popup window offers you the update option after opening Suunto app. Keep the headphones connected to your mobile phone during the update process. When the update is complete, the headphones will restart.

You can check the software version of your headphones under the device settings in Suunto app.

5.3. Pag-reset sa headphones

Kung sakaling gusto mong burahin ang lahat ng iyong setting sa Suunto Spark, puwede mong i-reset ang produkto. Habang nasa charging case ang Suunto Spark, pindutin ang button nang 10 segundo. Kapag nag-blink ang orange na LED na ilaw, matagumpay ang pag-reset.

 **NOTE:** Pagkatapos ng pag-reset, nabura na sa headphones ang mga rekord ng pag-pair ng Bluetooth. Kung gusto mong muling gamitin ang headphones, kailangan mong gawin ang proseso ng pag-pair mula sa simula. Tingnan ang 3.4. Pag-pair.

6. Care and support

6.1. Handling guidelines

Handle the unit with care, do not knock or drop it. Do not store the headphones below heavy items as the headphones may get deformed.

Although the headphones are resistant to sweat and rain, do not soak them in water for a long time. When the surface of the product is dirty, wipe it clean with a soft dry cloth. Pay special attention to the microphones, buttons, and charger pins.

Under normal circumstances, the headphones do not require servicing.

Use only original Suunto accessories. Damage caused by non-original accessories is not covered by warranty.

6.2. Baterya at pagcha-charge

Ang itatagal ng baterya sa isang pag-charge ay depende sa kung paano mo ginagamit ang iyong headphones at sa kung anong mga kondisyon. Ang mabababang temperatura, halimbawa, ay nakakabawas sa itatagal ng isang pag-charge. Sa pangkalahatan, nababawasan ang kakayahan ng mga rechargeable na baterya sa paglipas ng panahon.

Napupuno na ang baterya ng headphones sa loob ng isang oras, at puwede kang makinig ng hanggang sa 6 oras na musika sa isang pag-charge.

Kapag mahigit 60% ang level ng baterya ng earbuds, magbi-blink ang berdeng LED na ilaw kapag binuksan mo ang charging case.

Kapag mas mababa sa 60% ang level ng baterya ng earbuds, magbi-blink ang orange na LED na ilaw kapag binuksan mo ang charging case.

Kapag mahigit 40% ang level ng baterya ng charging case, magbi-blink ang berdeng LED na ilaw kapag isinara mo ang case.

Kapag mas mababa sa 40% ang level ng baterya ng charging case, magbi-blink ang orange na LED na ilaw kapag isinara mo ang case.

Para makita ang status ng baterya ng iyong headphones, ikonekta ang produkto sa Suunto app. Makikita mo ang status ng baterya sa page ng headphones sa app.

Para i-charge ang iyong headphones, puwede mong gamitin ang ibinigay na USB cable o ang portable powerbank.

USB cable

Kasama sa package ng produkto ang USB charging cable. Para i-charge ang case gamit ang cable, ikonekta ang dulo ng cable sa charging port ng case. Habang nagcha-charge ang case, naka-on ang LED na ilaw. Kapag puno na ang baterya, mamamatay ang LED na ilaw.

Charging case

Para i-charge ang earbuds habang nasa biyahe, may kasamang charging case sa package ng produkto, na nagbibigay ng karagdagang 24 na oras sa baterya.


Bago gamitin ang charging case, kailangan mo itong i-charge gamit ang USB-C cable. Habang nagcha-charge, naka-on ang orange na LED na ilaw sa charging case. Kapag puno na ang baterya, nagiging berde ang LED na ilaw.

Para i-charge ang iyong earbuds gamit ang charging case, ilagay sa case ang earbuds. Awtomatikong kokonekta sa charging case ang earbuds. Kapag nagsimula ang pag-charge, mag-o-on nang isang segundo ang LED na ilaw sa charging case.

⚠ WARNING: Bago mag-charge, tiyaking walang anumang natitirang likido sa charging case. Nakakasira sa earbuds at circuit ng charging case ang likido sa mga charging port.

6.3. Disposal

Please dispose of the device in accordance with local regulations for electronic waste. Do not throw it in the garbage. If you wish, you may return the device to your nearest Suunto dealer.



7. Reference

7.1. Compliance

For compliance related information and detailed technical specifications, see “Product Safety and Regulatory Information” delivered together with your Suunto Spark or available at www.suunto.com/userguides.

7.2. CE

Sa pamamagitan nito, ipinapahayag ng Suunto Oy na ang uri ng kagamitan sa radyo na HS252 ay sumusunod sa Direktiba 2014/53/EU. Ang buong teksto ng Pagpapahayag ng pagsunod sa EU ay available sa sumusunod na internet address: www.suunto.com/EUconformity.






SUUNTO CUSTOMER SUPPORT

www.suunto.com/support
www.suunto.com/register

Manufacturer:

Suunto Sports Technology (Dongguan) Co., Ltd
Room 108, No. 5, Longxi Road, Nancheng Street,
Dongguan City, Guangdong Province



© Suunto Oy 04/2026

Suunto is a registered trademark of Suunto Oy. All Rights reserved.